

PAGSURI PARA SA ISANG BAHAY O APARTMENT




Isa sa unang mga bagay na kailangang gawin ng karamihan sa mga bagong dating kapag dumating sila sa Canada ay ang maghanap ng lugar na tirahan.

Nararamdaman ng maraming bagong dating na maaaring isang magandang ideya ang mangupahan ng bahay na kanilang unang titirhan. Ang pag-upa ay magbibigay sa inyo ng ligtas at komportableng lugar upang magsimula sa pagbuo ng inyong bagong buhay sa inyong bagong piniling lugar. At saka, ang pangungupahan ay makapagbibigay rin sa inyo ng panahon na maghanap ng bahay na maaaring gusto ninyong bilhin, na hindi makaramdam ng pamimilit sa paggawa ng biglaang pagpapasya.

Upang matulungan kayo sa paghahanap ng lugar na bagay sa inyong mga pangangailangan at badyet, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng sumusunod na mga tip kung ano ang hahanapin kung tumitingin para sa isang paupahang bahay o apartment:

- Magdala ng isang notebook upang maisulat ninyo ang mahahalagang punto tungkol sa bawat apartment na binisita ninyo. Magpapadali ito sa inyo na maalala at maihambing ang iba't ibang mga apartment sa bandang huli.
- Suriin ang pangharap na pintuan upang matiyak na naisasara ito nang maayos.
- Buksan ang oven at ang stove, at buksan ang refrigerator at freezer, upang matiyak na gumagana ang mga ito nang maayos.
- Buksan ang mga gripo sa kusina at banyo upang matiyak na may mainit na tubig, at i-flush ang mga kubeta upang matiyak na gumagana ang mga ito.
- Tiyakin na may shower o bathtub para sa paliligo, at sapat na espasyo ng closet para sa lahat ng inyong mga damit.
- Magtanong kung paano gumagana ang heater. Ito ay higit na mahalaga para sa mga apartment sa basement, na maaaring mas malamig kaysa mga apartment sa itaas ng lupa.
- Kung ang lugar na hinahanap ninyo ay isang gusali ng apartment, tuklasin kung may anumang panlahat na mga lugar na pagsusunuan ninyo ng ibang mga tao na nakatira sa gusali. Maaaring kabilang dito ang pinagsunuang silid-labahan, isang pool, isang silid-ehersisyuhan o isang imbakan.
- Magtanong kung sino ang responsable sa pagkukumpuni sa bahay, at kung ang mga utility (katulad ng heater, cable o kuryente) ay kabilang sa upa. Kung hindi kabilang ang mga utility, tuklasin kung magkano ang kailangan ninyong bayaran bawat buwan sa heater at ilaw ng inyong bahay.



Tandaan: Huwag magmadali sa pagkuha ng unang apartment na nakita ninyo. Ang paghahanap ng apartment ay maaaring gugugol ng panahon. Tiyaking tumingin kayo sa ilang iba't ibang apartment, at maglaan ng panahon sa paggawa ng pasya. Tatal, ang apartment na pipiliin ninyo ay magiging bahay ninyo at ng inyong pamilya sa loob ng ilang buwan o kahit na sa ilang taong darating.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa www.cmhc.ca/newcomers.